# Tagu-taguan

A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis. Techie Rodrigues, Elder-Founder
September 5, 2020

Sikat na sikat ang larong taguan sa mga bata. Nasa Aklat ng Genesis ang larong ito – noong tinukso ni satanas sina Adan at Eba; napagtanto nila na sila ay hubad at nagtago sa Panginoon. Subalit, maski na ngayon, nasa hustong gulang na, naglalaro pa rin tayo ng Tagu-taguan, kapag ang buhay natin ay nakahiwalay sa Panginoon, at hindi natin Siya hinahanap.

**1.Maraming paraan ang pagtatago ng mga tao:**

- Pagtatago sa likod ng kayamanan at tagumpay.
- Pagtatago sa pagkukunwari (Mt. 23:27).
- Pagtatago sa kasalanan. Hindi natin maitatago ang ating mga kasalanan. Alam lahat ito ng Panginoon (2Sam. 11).

-Pagtatago sa tawag ng Diyos (Is 6:8). Nakikita tayo ng Diyos saan man tayo naroroon.

-Itinago si David ngunit siya ang hinirang (1Sam16:11.)

-Itinago si Moses sa basket sa Ilog ng Nile, para siya ay mailigtas (Ex. 2:1-9).

-Pagtatago ng talento (Mt.25:18).

-Pagtatago ng kayamanan (Gal. 6:6).

-Pagtatago ng ating sarili. *"Walang makapagtatago sa akin; nakikita ko siya saan man siya pumunta sapagkat ako'y nasa langit, nasa lupa, at nasa lahat ng lugar" (Jer 23:24).* Kailangang lumabas tayo sa pagkakulong.

**2.Ano ang ginawa ni Jonah, ang "nagtagong propeta", noong pinapunta siya ni Yaweh sa Ninive? (Jonah 1:1-3). Ano ang gagawin natin kung tumatawag ang Diyos?**

**-** Kung tumawag ang Diyos, kailangang sumunod tayo. Mahirap tumalima sa tawag ng Diyos. Ngunit, maski anong tago ang gawin natin mahahanap, at maibabalik Niya tayo.

**3.Bakit nagtago si Jona? Bakit tayo nagtatago sa Panginoon?**

-Takot sa gawain o kaya sa katotohanan.

-Takot sa hirap. Gaano man kahirap ang buhay natin ngayon, hindi tayo dapat magtago sa Diyos. Siya lamang ang makalulutas sa ating suliranin.

-Takot sa panganib. Kalimutan natin ang ginhawa sa buhay at harapin ang panganib. Kasama natin lagi ang Diyos.

-Takot sa nakakainis na gawain. Gusto ng Diyos na makialam tayo ngunit ayaw natin. Maski hindi natin nakikita ang Diyos, nakamasid Siya sa atin.

**4)Ang pagbagsak ni Jona. Anong mangyayari kung magtatago tayo?**

-Nagpunta si Jona sa maling direksyon.

- Saan tayo pupunta kung may problema tayo? Kung tayo ang pipili ng paraan, tiyak na sa maling direksyon tayo mapupunta (Is 55:9).

-Nagpunta sa ibaba si Jona, hindi sa itaas.

- Ang hindi pagsunod sa maka-Kristiyano buhay ay nagdudulot ng pagkawala ng ating pakiramdam sa mga mali nating ginagawa, at tayo'y nagkakasala (Awit 139).

-Dumating siya sa maling destinasyon.

- Kung tumawag ang Diyos at nagtago tayo sa Kanya, makararating tayo sa lugar na malayo sa Diyos; pagdating ng araw, matatagpuan din Niya tayo.

-Dahil sa hindi pagsunod ni Jona, maraming kasama sa barko ang naapektuhan din ng bagyo.

- Kung tayo ay nawalay sa Diyos, magpapadala Siya ng bagyo para makabalik tayo. Ilalagay Niya sa panganib ang buhay ng ibang tao, kasama ang ating pamilya.

-Tumakbo at nagtago si Jona, pero hindi siya nakatakas sa mata ng Diyos.

**Ano ang buhay kung wala ang Diyos?**

Tumakbo tayo sa kanlungan ng Diyos. Kung tayo'y nagtatago sa Kanya, hahanapin at matatagpuan Niya tayo.Tinatawag Niya tayo para tayo'y mabago. Tinatawag Niya tayo para ipakita sa lahat ang ating pananalig, para maging ilaw tayo sa mundo. Huwag nating itago ang ating pananalig.

**Pagninilay:** Paano mo sasagutin ang mga tawag ng Diyos? Ang mga tawag ba na ito ay para magpatawad o humingi ng tawad; magkaroon ng oras sa pananalangin; magkaroon ng malalim na relasyon sa Diyos? Tumigil na sa pagtatago at tumalima sa Kanyang tawag.

**Isinalin ni:** Sis Nida Cruz
**Na-edit at Inaprobahan ni:** Sis Vera I. Tuplano
**For more teachings:**
www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials